

## Mga Panghiwalay ng Sunog

Ang mga panghiwalay ng sunog, kilala rin bilang mga pinto para sa sunog (fire doors), ay makikita sa iyong lugar ng trabaho dahil ang mga nilalaman ng ganitong uri ng pinto ay tumutulong na bawasan ang pagkalat ng usok at apoy.

Ang mga panghiwalay ng sunog, kilala rin bilang mga pinto para sa sunog (fire doors), ay makikita sa iyong lugar ng trabaho dahil ang mga nilalaman ng ganitong uri ng pinto ay tumutulong na bawasan ang pagkalat ng usok at apoy.

Ang fire door ay madaling matutukoy dahil mayroong itong nakakabit na etiketa sa bisagra ng pinto na mayroong fire rating at itinalagang serial number at plate. Ang pinto na ito ay ni-rate ng 3/4 na hour rating. Mahahanap mo ang serial number sa ibaba mismo ng pulang outline sa larawan sa ibaba:



Paano mo malalaman kung kailan ka dapat magkaroon ng mga fire door sa iyong lugar ng trabao?

Ang sumusunod na sipi ay mula sa [Pambansang Kodigo sa Kaligtasan sa Sunog 2.2.1.1.](#)

- Kung saan ang gusali ay mayroong mahigit sa isang pangunahing umookupa, ang nasabing mga umookupa ay dapat ihiwalay sa isa't isa nang sumusunod sa NBC (Pambansang Kodigo sa Gusali).
- Kung saan ang mga silid o espasyo sa isang gusali ay mayroong industriyal na umookupa na mataas ang panganib, ang nasabing umookupa ay dapat ihiwalay sa natitirang bahagi ng gusali sa pamamagitan ng mga fire separation nang sumusunod sa Kodigo na ito at ang NBC.
- Ang mga silid, corridor, shaft at iba pang mga espasyo ay dapat ihiwalay kung saan maaari sa pamamagitan ng mga fire separation nang sumusunod sa NBC.

Dapat palaging nakasara ang mga pinto na ito kapag hindi ginagamit; hindi maaaring nakabukas ang mga ito. Ang mga pinto na ito ay kinakailangang may mga device na kusang nagsasara.

Maaaring maunawaan ng lahat ang mga kinakailangan, pero kung hindi alam ng mga tao kung paano matutukoy ang fire door, posibleng magkaroon ng pagkakataon na mayroong magbubukas ng ganitong uri ng pinto nang hindi alam ang mga kahihinatnan ng aksyon na gagawin nila.



Dapat palaging madaling basahin ang label ng may fire rating. Hindi ito maaaring pinturahan o alisin. Kung natatakpan, pininturahan ang anumang bahagi ng label, o inalis ang label, hindi na sumusunod ang pinto at kailangan itong palitan (Pambansang Kodigo ng Canada sa Sunog 2015 (2.2.2.4.))

Pinakamagandang gawin ay tingnan ang mga label sa lahat ng iyong fire door habang kinukumpleto ang mga inspeksyon. Magandang kasanayan din na hayaan ang mga contractor, lalo na ang mga nagpipintura na malaman ang mga regulasyon tungkol sa mga pinto na ito (lalo na ang mga etiketa) para mag-ingat sila na huwag pinturahan ang anumang bahagi ng mga ito.

**Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!**

Ang kurso ng RPM na [Pagsasanay sa Inspeksyon sa Lugar ng Trabaho](#) (sa Ingles lang) ay online na ngayon! Dinisenyo ang workshop na ito para bigyan ang mga tao ng mas magandang pag-unawa sa dapat nilang tingnan sa mga inspeksyon sa lugar ng trabaho. Kapag nakumpleto na, ang mga kalahok ay:

- maipapaliwanag ang mga kinakailangan at ang (mga) layunin ng inspeksyon sa lugar ng trabaho,
- malalaman ang hinahanap nila at kung paano matutukoy ang panganib,
- maipapaliwanag ang proseso ng dapat gawin kapag mayroong mga resulta sa inspeksyon, at
- mauunawaan ang proseso para sa pagpapatupad ng mga aksyon sa pagwawasto at kung paano susubaybayan at matutukoy ang mga trend.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!



**» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.**

Telepono: 204-632-6600 | Email: [info@rpmsafety.ca](mailto:info@rpmsafety.ca) | Web: [www.rpmsafety.ca](http://www.rpmsafety.ca)

Address: 25 Bunting Street, Winnipeg, MB R2X 2P5